**JABEZ EDUCARE CHRISTIAN ACADEMY**
**Ramiroville, Balulang, Cagayan de Oro City**
**2nd Quarter MAHABANG PAGSUSULIT-FIL6**

Marka:

Pangalan:______________________________________________

**I. Sabihin kung ano ang kailanan ng pangngalang ginamit sa bawat pangungusap. Isulat lamang ang isahan, dalawahan,o maramihan sa patlang.**

________________ 1. Ang magkakaibigan ay nag-uunahang lumabas sa pinto.
________________ 2. Nagkukwentuhan ang mga kababaihan sa ilalim ng puno.
________________ 3.Ang bata ay nahulog sa kanyang upuan.
________________ 4. Nagluluto ng ulam ang mag-ina.
________________ 5. Ang magkakapit-bahay ay nagtitipon para sa darating na pasko.
________________ 6. Nakatanggap ng magagandang regalo ang magkakapatid.
________________ 7. Ang magpinsa ay palaging nagdadamayan.
________________ 8. Ang kambal ay pareho ang damit na suot.
________________ 9. Daan- daang tao ang dumalo sa pagtitipon.
________________ 10. Ang mga kabataan ay binigyan ng libreng bitamina.

**II. Piliin kung palagyo, palayon, o paari ang kaukulan ng pangngalang initiman.**

________________1.Ang mga bulaklak na nabili ay para kay **Rose**.
________________ 2. **Leah,** huwag mong iwanan ang iyong kapatid..
________________ 3. Si Brian ang may gawa ng **proyekto.**
________________ 4. Ang mag-iina ay nagbigay ng tulong para sa mga **nabiktima**.
________________ 5. Si Maria ay **batang** matulungin.
________________ 6. Si Mang Jose ay **lider** sa aming pamayanan.
________________ 7. Si Paul, **ang kagawad ng barangay** ay matulungin.
________________ 8. Nagsulat siya ng tungkol sa **pag-ibig**.
________________ 9. Ang nawawalang **bola** ay kay Mario.
________________ 10. Si Hans **ay estudyanteng** matalino.

**III. Hanapin ang angkop na panghalip panao sa loob ng kahon upang mabuo ang pangungusap. Ilagay ang wastong sagot sa bawat patlang.**

| Ako | tayo | kayo | sila | ikaw | siya | kami |
|---|---|---|---|---|---|---|

1. Ikaw at ako ay binilhan ni ate ng bagong damit. ___________ kasi ay mababait na bata.
2. Sina Ben, Ken, at Ram ay magkakaibigan. ___________ ay magkasing-edad.
3. DJ at CJ,pinapatawag ____________ ng ating punong-guro.
4. Ikaw, si Darren at ako ang sasali sa paligsahan. ____________ ay magtulungan.
5. Sam ang pangalan ko.____________ ay labing-isang taong gulang.
6. Si Bea ay maganda. ___________ rin ay matalino.
7. Mag-ensayo ka ng Mabuti. ___________ ang napiling magtatanghal bukas.
8. Ikaw at ang iyong pamilya ay magbabakasyon sa Maynila. ____________ ay aalis sa susunod na araw.
9. Si Jia at ako ay mamamasyal mamayang hapon. ___________ ay maglalakad lamang patungong bayan.
10. Si tatay ay masipag magtrabaho. __________ ay isang responsableng ama.

**IV. Gumawa ng sariling pangungusap ayon sa kaukulan ng pangngalan. ( 2 points each)**

*Kaukulang Palagyo*
1.
2.
*Kaukulang Palayon*
1.
2.
*Kaukulang Paari*

1.
2.

LIVEWORKSHEETS